EduHeart Knowledge Network & Publishing, Inc.
JAN-MAR 2026
E-ISSN: 3116-2851 VOL.2 NO.1
THE SPECTRUM
A COLLECTION OF CREATIVE WORKS

# Luksang Tagumpay

Dr. MARIBEL A. GUTIERREZ
Batangas State University-The National Engineering University

I
Bagaman at ako ay anak mahirap
Ngunit may ambisyon akong hinahangad
Sa 'king pag-aaral makatapos agad
At ng magkaroon ng magandang bukas

II
Ngunit palibhasa kami ay mahirap
Ang aking ambisyon di matupad
Kaya hiling sa Diyos aking pakiusap
Sana ay matupad ang aking pangarap

III
Pagkat kargador lamang itong aking ama
At tindera lamang itong aking ina
Aking iniisip kung saan kukuha
Nitong gagastusin malaking halaga

IV
Sa pamamagitan nitong pagsisikap
Ang aking magulang ay nagpakasipag
Ang gabi ay inaaraw, trabaho ay walang puknat
Hanggang sila'y nagkasakit, nagkaroon pa ng high blood

V
Palibhasa naman ako'y matalino
Akin din natapos itong aking kurso
Sa laki ng tuwa na aking tinamo
Hindi ko malaman itong gagawin ko

VI
At ng matapos na ang aming graduation
Ako ay umuwi na sa aming nayon
Ngunit malayo pa natanaw ko na don
Ang maraming tao na nagkakatipon

VII
Sa aking nakita at syang nasaksihan
Tibok ng puso ko ay biglang sumasal
Ano ang nangyari tanong sa dinatnan
Ina mo'y maysakit, Ama mo'y patay

VIII
Sa aking narinig biglang nanlupaypay

At parang nanghina ang aking katawan
Hawak kong diploma biglang nabitawan
Ba't nagkaganito, anong sakit naman

IX
At ng makaakyat sa aming tahanan
Kabaong ni Ama ang unang natanaw
At sa isang panig nama'y nakaratay
Itong aking inang halos walang malay

X
Sa ganitong tagpo ako'y napasigaw
Bakit aking ama kami ay iniwan
Di mo na nakita diploma kong taglay
Sa inyo ni Ina aking inaalay

XI
Bakit ka umalis di mo na hinintay
Ang aking diploma iyong mahawakan
Ito ang kapalit ng pinaghirapan
Ngunit sa ngayon nawalan ng saysay

XII
Ngayon ko naisip at napag alaman
Napakahalaga ng isang magulang
Ang aking ambisyon ay aking nakamtan
Ngunit natamo ko ay "Luksang Tagumpay"

XIII
Sa aking ambisyon kung nagtagumpay man
Ngunit kung wala na ang paghahandugan
Parang walang kwenta, walang kasaysayan
Marapat itawag ay "Luksang Tagumpay"

XIV
Ang "Luksang Tagumpay"ang siyang nakamtan
Bagamat masakit sa 'king kalooban
Itong nangyari kung alam ko lamang
Di ko na hinangad ang "Luksang Tagumpay"

-Wakas-